# ANTAS NG KASANAYAN NG MGA MAG-AARAL SA PAGSULAT NG BALITA SA IKAANIM NA BAITANG NG SPECIAL PROGRAM IN JOURNALISM

**Marjorie Ann F. Deramas and MAED/Felisa D. Marbella**
Pampamahalaang Pamantasan ng Sorsogon, Paaralang Gradwado Lungsod Sorsogon

http://doi.org/10.35409/IJBMER.27022.3450

**Abstrak**

Natiyak sa pag-aaral na ito ang (1) antas ng kasanayan ng mga mag- aaral sa pagsulat ng balita sa Baitang 6 ng mga paaralang nagtuturo ng Special Program in Journalism sa Lungsod Sorsogon.Deskriptib-analisis ang ginamit ng mananaliksik sa paglikom ng mga datos o impormasyong kinakailanagan sa pag-aaral. Ang kalahok sa pag-aaral na ito ay binuo 40 mag-aaral na kung saan 20 sa bawat klase at tatlong (3) guro mula sa mga paaralan na nagpapatupad ng Special Program in Journalism. Random sampling ang ginamit sa pagpili ng mag-aaral samantalang purposive sampling ang ginamit sa pagpili ng mga guro. Isang pagsusulit na nakatuon sa pagsulat ang ibinigay sa mag-aaral upang masukat ang antas ng kasanayan nila sa pagsulat ng balita. Sa pamamagitan ng tseklist inalam ang suliraning kinakaharap ng guro sa pagtuturo at suliranin ng mga mag-aaral sa pagsulat ng balita. Nagsagawa din ng personal na interbyu upang maging sapat ang datos. Ang mga datos na nalikom ay inanalisa, sinuri at binigyang interpretasyon sa tulong ng frequency count, mean, at pagraranggo.

Nasa antas na maalam ang mga mag-aaral sa pagsulat ng balita batay sa wastong gamit ng mga bantas, kapitalsisyon, pagbabaybay, wastong gamit ng mga salita at pagkakasunod-sunod ng mga ideya. Halos ay magkahalintulad ang mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa pagsulat ng balita at ang suliranin ng mga gurong tagapayo sa paglinang ng kakayahang pasulat ng mga mag-aaral sa Baitang 6 ng Special Program in Journalism ang hindi sapat na kaalaman sa pagsulat. Ang mga estratehiyang ginamit ng mga guro sa pagtuturo ng pagsulat ng balita ayon sa panayam na isinagawa ay ang pangangalap ng mga balita sa pahayagan at magasin upang gawing portfolio upang maging mulat ang mga mag-aaral sa iba't ibang istilo ng pagsulat ng balita, pananaliksik ng mga kagamitang pampagtuturo sa internet at paggawa ng mga dahon ng gawain at sanayang gawain sa pagsulat ng balita. Naging rekomendasyon na kailangang sanayin ng mga guro ang mga mag-aaral sa pagbuo ng pangungusap na may buong diwa, nagagamit ng wasto ang malaki at maliit na titik sa pangungusap at ang wastong gamit ng bantas, pag-oorganisa ng pangungusap at talata. Maipaliwanag sa mga mag-aaral ang kahalagahan nito sa pagsulat.

**Susing-salita:** antas ng kasanayan, pagsulat, balita, Special Program in Journalism, wastong gamit ng mga bantas, kapitalisasyon, pagbabaybay, wastong gamit ng mga salita, at pagkakasunod- sunod ng mga ideya

## 1. INTRODUKSYON

Ang pagsulat ng balita ay may mahalagang gampanin sa buong daigdig upang maipabatid sa nakararami ang mga pangyayaring naganap na o kaya ay magaganap pa lamang.

Pinakapangunahing layunin ng balita ang ipaalam sa publiko ang mga kaganapan sa buong paligid na maaaring makaapekto sa bawat bansa. Sa pamamagitan ng balita nabibigyang nito nang maaayos na koneksyon ang bawat lugar maging ang mamamayan nito sa iba't ibang panig ng mundo sa bawat pangyayari, iba't ibang lugar historikal man o pasyalan at mga istorya naganap na kailangang malaman ng lahat malayo man dito sa lugar o kaya'y hirap man itong mapuntahan. Maraming iba't ibang estilo sa pagsulat ng balita ang sinusunod sa kasalukuyan, ito ay sa pamamagitan ng tradisyonal na paglilimbag sa pahayagan o paglilimbag elektroniko na makikita sa iba't ibang social media platform, na kung saan layunin nitong maghatid ng bago at napapanahong pagtalakay sa isyu o balita.

Binigyang- diin ni Santos (2017)1, na malaki ang naging tulong print capitalism para sa proseso ng isang maunlad na komunidad, subalit kung susumahin isang halimbawa ang pahayagan na siyang tanghalan ng mga kaganapan sa komunidad, napagbubuklod nito ang iba't ibang pamayanan gamit ang isang lingua franca o ang komong wika ng dalawa o higit pang mamamayang may magkaibang unang wika. Samakatuwid, ang wika ay nagmimistulang tulay ng pagkakaintindihan – na tanda rin ng pagiging inklusibong bansa.

Madalas na nahahati sa tatlong kategorya ang pagsulat ng balita tulad ng balitang lokal na tumatalakay sa mga kaganapan sa loob ng sariling barangay, bayan o lalawigan, samantala ang balitang nasyonal naman ay tumatalakay sa mga kaganapan sa buong bansa at balitang internasyonal ay tumatalakay sa kaganapan. Samantala, buhay din ang pagsulat ng balita sa bawat paaralan sapagkat nagtataglay ito ng pamahayagang pangkampus. Ito ay sa pamamagitan ng pagsulat ng iba't ibang bahagi ng pahayagan na naglalaman ng mga balita o kaganapan na kinasangkutan ng paaralan, mga guro, mag-aaral, lokal na pamahalaan maging ang mga mamamayan ng mga kalapit barangay.

Turan nga ni Gonzalvo (2016)2, na ang pagsulat ay ang pagsasatitik ng mga sagisag ng kaisapan na naililimbag sa pamamagitan ng mga sagisag ng lenggwahe, mga ideyang isinasalin sa papel o sa anumang maaaring pagkulungan ng mga karunungan gamit ang mga pinagsama-samang mga salita, simbolo at ilustrasyon na may layuning maihayag ang mga kaisipan at saloobin.

Malaki ang kapakinabangan sa mga mag-aaral ang kagalingan sa mga makrong kasanayan tulad ng pakikinig, pagsasalita, pagbasa, panonood at pagsulat. Ang kasanayan sa pagsulat ay mahalaga sa pagsulat ng balita, ngunit ito ay maaari lamang makamit sa pamamagitan ng gabay ng mga guro na nagtataglay din ng kasanayan. Sa pamamagitan din nito mas magiging angat ang kasanayan sa pagsulat kung ito ay lilinangin naitinakda ng mapanghamong panahon– isang mag-aaral na hindi lamang makrong kasanayan ang taglay bagkus nagpapakita din ng kahusayan sa kakayahang pangkomunikatibo na maaaring pasalita o pasulat.

Nabanggit nga ni Flores (2013)3, sa larangan ng edukasyon isa ang Estados Unidos ng Amerika ang nagbigay diin sa pagkapantay-pantay lalo na sa edukasyon kung saan dapat ay magkaroon ang lahat ng pantay na oportunidad. Ito ay paniniwala na ang tagumpay ng sistema ng edukasyon ay ang pamamahalang nakabatay sa edukadong mamamayan kaya nilalaanan nila nang mahigit pang pinansyal ang kanilang edukasyon para sa kalidad nito. Sa kasalukuyan, marami pa ring mga mag-aaral ang nagpapakita ng pagkayamot, kawalan ng motibasyon at interes sa pagsulat, at kung minsan ay hirap na hirap sa pagbuo ng mga ideya. Bunga ito ng maling konsepto, maling estratehiya, at kawalang-gana ng mga mag-aaral sa pagsulat.

Ayon kay De Juan (2013)4, may mga salik na nagiging hadlang para sa matagumpay na pagkatuto. Una, ang kawalan ng interes dahil sa pag-usbong ng mga makabagong kagamitan tulad ng cellphone, computer, at iba pa. Kasunod, ang kakulangan sa bokabularyong Filipino. Pangatlo, ang miskonsepsyon sa paggamit ng wika dahil sa pagdating ng mga makabagong salita na wala naman sa diksyunaryong Filipino tulad ng jejemon at bekemon.

Nakatutulong sa paglinang ng kakayahan sa pagsulat ng mga mag- aaral ang pagkakaroon ng ideya sa lohikal na pag-iisip at paglutas ng mga suliranin. Isa sa mga epektibong pagpapahayag na dapat malinang sa kasanayan ng mag-aaral sa pagsulat ay nakatuon sa kanyang sariling pananaw, opinyon at ideya tungkol sa isang paksa na huhubog ng tiwala sa sarili at kakayahan sa pakikipagtalastasan. Ito ay may malaking kahalagahan sa pagsulat ng isang mahusay na balita ng mga mag-aaral sa isang paaralan.

Wika naman ni Camilon (2012)5, ang senaryo ng kalidad na edukasyon sa Pilipinas ay maituturing na mababa antas dahil may malaking kakulangan sa pasilidad. Dapat na mabigyan ng sapat na suporta ng pamahalaan ang ating edukasyon upang maging mataas ang kalidad nito at upang maging maunlad ang ating bansa. Ang edukasyon at mabuting mamamayan ay kayamanan ng ating bayan.

Isa sa mga kompetensi ng Special Program in Journalism ang pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral upang higit pang mapaghusay ang kakayahan at mabigyan ng sapat na kahandaaan ang mga mag-aaral sa landas na tatahakin– ang pagiging isang mamamahayag.

Ang espesyal na kurikulum na ito ay naglalayong palakasin ang malaya at responsableng pamamahayag sa mga mag-aaral na nasa Baitang 4 hanggang 12 at paunlarin ang kanilang kakayahang pangkomunikatibo sa pamamagitan ng print media at maging sa broadcast media (SPJ Manual of Operations). Ito rin ay sumusuporta sa RA 7079 o ang Campus Journalism Act of 19916 ng Kagawaran ng Edukasyon na may mandatong magsagawa ng mga programa sa iba’t ibang aspeto ng pamamahayag.

Taong 2017 nang magsimulang ipatupad sa Dibisyon ng Lungsod Sorsogon ang pag-iimplementa ng nasabing kurikulum. Sinimulan ito sa mga baiting 4 at 7 ng elementarya at sekondarya. Nagsasagawa ng mga pagsasanay at interbyu ang mga piling paaralan upang matukoy kung sino ang maaaring mapabilang sa pangkat ng Special Program in Journalism. Sinasanay ang mga mag-aaral sa iba’t ibang kompetensi ng pamamahayag kabilang na dito ang pagsulat ng iba’t ibang diyornalistikong sulatin.

Subalit mapapansing marami pa ring kakulangan sa larangan ng edukasyon na isa sa mga dahilan ng mababa o unti-unting pagkawala ng interes ng mga mag-aaral sa pagsulat. Ang patuloy na pagbaba ng antas sa pagsulat ng mga dyornalistik na akda tulad ng pagsulat ng balita ay isang malaking hamon sa guro maging sa buong paaralan. Ang artikulasyon ng mga ideya, konsepto, paniniwala, at nararamdaman sa paraang pasulat, limbag o elektroniko ay nakahuhulma ng isang tiyak na hugis ng ideya at konsepto.

Ito ang naghimok sa mananaliksik na matulungan ang mga guro ng Baitang 6 ng Special Program in Journalism sa pagbuo ng programa upang higit pang malinang ang mga kasanayan ng mga mag-aaral sa larangan ng pagsulat ng balita.

## 2.LAYUNIN NG PAG-AARAL

Natiyak sa pag-aaral na ito ang (1) antas ng kasanayan ng mga mag- aaral sa pagsulat ng balita sa Baitang 6 ng mga paaralang nagtuturo ng Special Program in Journalism sa Lungsod Sorsogon batay sa wastong gamit ng mga bantas, kapitalisasyon, pagbabaybay, wastong gamit ng mga salita, at pagkakasunod-sunod ng mga ideya (2) suliraning kinakaharap sa pagsulat at pagtuturo ng balita ng mag-aaral at guro (3) estratehiyang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng pagsulat ng balita

## 3.PAMAMARAANG GINAMIT

Deskriptib-analisis ang ginamit ng mananaliksik sa paglikom ng mga datos o impormasyong kinakailanagan sa pag-aaral. Ang kalahok sa pag-aaral na ito ay binuo 40 mag-aaral na kung saan 20 sa bawat klase at tatlong (3) guro mula sa mga paaralan na nagpapatupad ng Special Program in Journalism. Random sampling ang ginamit sa pagpili ng mag-aaral samantalang purposive sampling ang ginamit sa pagpili ng mga guro. Isang pagsusulit na nakatuon sa pagsulat ang ibinigay sa mag-aaral upang masukat ang antas ng kasanayan nila sa pagsulat ng balita. Sa pamamagitan ng tseklist inalam ang suliraning kinakaharap ng guro sa pagtuturo at suliranin ng mga mag-aaral sa pagsulat ng balita. Nagsagawa din ng personal na interbyu upang maging sapat ang datos. Ang mga datos na nalikom ay inanalisa, sinuri at binigyang interpretasyon sa tulong ng frequency count, mean, at pagraranggo.

## 4. MGA NATUKLASAN

**Antas na Kasanayan sa Pagsulat ng Balita ng mga Mag-aaral.**

Ipinapakita sa bahaging ito ang kalagayan ng kasanayan ng mga mag- aaral na nasa baitang 6 sa pagsulat ng balita. Ang mga pinagbatayan ay ang naisulat na balita ng mga mag-aaral mula sa piling paaralan sa Dibisyon ng Sorsogon.

A. Wastong Gamit ng Bantas

Inilahad dito ang kaantasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng wastong bantas sa pagsulat ng balita. Sa pamamagitan nito makikikita ang sapat na kaalaman ng mga mag-aaral sa paggamit ng tamang bantas sa pagsulat.

**TALAHANAYAN 1.a Antas na Kasanayan sa Pagsulat ng Balita**

| INDIKAYTOR | F | Mean | DESKRIPSYON |
|---|---|---|---|
| 5 - Nakagagamit ng wastong bantas | 11 | 1.38 | Maalam na Maalam |
| 4 – Nakagawa ng 1-3 na kamalian sapaggamit ng bantas | 21 | 2.1 | Maalam |
| 3 – Nakagawa ng 4-7 kamalian sapaggamit ng bantas | 8 | 0.6 | May Katamtamang Kaalaman |
| 2 – Nakagawa ng 8-10 na kamalian sapaggamit ng bantas | 0 | 0 | Hindi Gaanong Maalam |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1 – Nakagawa ng mahigit sa 11 kamalian sa paggamit ng bantas | 0 | 0 | Walang Kaalaman |
| Kabuoan ng Weighted Mean | | 4.08 | Maalam |

(0.01- 1.80- Walang kaalaman 1.81-2.60- Hindi gaanong maalam 2.61-3.40- May Katamtamang kaalaman 3.41-4.20- Maalam 4.21-5.00- Maalam na maalam)

Makikita sa Talahanayan 1.a ang antas na kasanayan ng mga mag-aaral sa Baitang 6 sa pagsulat ng balita kaugnay sa paggamit ng wastong bantas. May 11 mag-aaral ang nakakuha ng puntos na 5, 21 naman sa 4 na puntos, 8 sa 3 puntos at parehong walang mag-aaral ang nakakuha ng ikalawa (2) at unang (1) puntos na siyang naging daan upang magkaroon ng kabuoan na
4.08 weighted mean. Sa resultang lumabas, nangangahulugang maalam ang mga mag-aaral sa paggamit ng wastong bantas sa pagsulat ng balita.

Ito ay may implikasyon na may sapat na kaalaman ang mga mag-aaral sa Baitang 6 ng Special Program in Journalism sa paggamit ng tamang bantas sa pagsulat ng balita subalit lumabas rin sa pag-aaral na ito na may ilan pa ring mga mag-aaral ang nakakalimutan ang mga tuntunin sa paggamit ng tamang bantas sa pagsulat. Nangangahulugan lamang na kailangan pa ang marubdob na pagtuturo at pagsasanay sa lubos na pagkatuto nito upang higit silang maging isang mabisang mamamahayag.

Pinatunayan ito sa pag-aaral ng Universal Class (2022)7 na ang isang magaling na mamamahayag ay kailangan munang maging isang magaling na manunulat. Nangangahulugan ito na dapat mong malaman kung paano mo pagsasama-samahin ang mga salita upang magkaroon ng kahulugan, daloy at wasto ang mga bantas ng mga ito. Ito'y nagpapatunay na ang paggamit ng tamang bantas sa pagsulat ng balita ay isa sa mahalagang elemento ng gramatika at estruktura ng pagsulat na kailangang isaalang-alang sa pagsusulat.

Natuklasan din sa pag-aaral ni Malapo (2018)8 na may kakayahan sa pagsulat sa Pamahayagang Pangkampus ang mga mag-aaral subalit walang sapat na kakayahan sa paggamit ng mga bantas. Nangangahulugan lamang na ang pag-aaral na ito ay nagpapatibay sa resulta ng nakalap na datos na sa kabila ng kaantasan ng mga mag-aaral sa Baitang 6 sa paggamit ng tamang bantas sa pagsulat ng balita, kailangan pa rin ng mga guro na umisip ng mga gawain upang higit na malinang ang kanilang kasanayan.

**B. Kapitalisasyon**

**TALAHANAYAN 1.b Antas na Kasanayan sa Pagsulat ng Balita**

| INDIKAYTOR | f | MEAN | DESKRIPSYON |
|---|---|---|---|
| 5 - Nakagagamit ng wastong kapitalisasyon | 1 | 0.13 | Maalam na Maalam |
| 4 – Nakagawa ng 1-3 na kamalian sakapitalisasyon | 7 | 0.7 | Maalam |

Vol. 5, No. 06; 2022

ISSN: 2581-4664

| | | | |
|---|---|---|---|
| 3 – Nakagawa ng 4-7 kamalian sa kapitalisasyon | 18 | 1.35 | May Katamtamang Kaalaman |
| 2 – Nakagawa ng 8-10 na kamalian sa kapitalisasyon | 9 | 0.45 | Hindi Gaanong Maalam |
| 1 – Nakagawa ng mahigit sa 11 kamalian sa kapitalisasyon | 5 | 0.13 | Walang Kaalaman |
| Kabuoan ng Weighted Mean | | 2.76 | May Katamtamang Kaalaman |

(0.01- 1.80- Walang kaalaman 1.81-2.60- Hindi gaanong maalam 2.61-3.40- May Katamtamang kaalaman 3.41-4.20- Maalam 4.21-5.00- Maalam na maalam)

Sa Talahanayan 1-B ay makikita ang kaantasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng balita batay sa Kapitalisasyon. Makikita dito na isa (1) respondent ang nakakuha ng puntos na 5 at may weighted mean na 0.13 samantalang pitong (7) mag-aaral naman ang nakakuha ng 4 na puntos o katumbas ng 0.7 weighted mean, labinwalo (18) na respondent ang nakakuha ng 3 puntos at siyang may pinakamataas na weighted mean na 1.35 sa lahat ng mga puntos ng respondents, siyam (9) na respondents ang nakakuha ng 2 puntos at may weighted mean na 0.45 samantalang umabot naman sa weighted mean na
0.13 o limang (5) mag-aaral ang nakakuha ng 1 puntos.

Mapapansing batay sa naging kabuoang resulta ng pagsasanay, masasabing may katamtamang kaalaman ang mga mag-aaral sa kapitalisasyon sa pagsulat ng balita na umabot sa 2.76 weighted mean. Maaaring may iilang salik na nakaapekto sa kasanayan sa kapitalisasyon na maaaring isa sa naging dahilan kung bakit may ilang respondents ang nakakuha ng mababang puntos.

Ang implikasyon lamang nito ay hindi handa ang mga mag-aaral sa pagsulat ng balita at ito ay dulot ng iba't ibang dahilan. Una, kulang ang kanilang kaalaman sa Ortograpiyang Filipino partikular na ang paggamit ng tamang kapitalisasyon. Pangalawa, kakulangan sa mga kagamitan tulad ng mga sanayang aklat at iba pang pagsasanay sa paglinang ng kakayahan pasulat ng mga mag-aaral. Pangatlo, kakulangan sa interes o hilig ng pagsulat ng balita. Marahil ito'y dahil sa pagsulputan ng mga makabagong teknolohiya na mas kinahihiligan ng mga mag-aaral tulad ng game apps at hindi ang kasanayang panulat.

Ayon kay Albuñan (2019)9, ang pagsulat ng balita ay may antas ng kasanayan sa pagbuo ng talata na tumutukoy sa palugit at indensyon, pagbabaybay, pagbabantas at paggamit ng malalaki at maliliit na titik. Samakatwid, ang pagbibigay ng sapat na pagsasanay sa paggamit ng maliliit at malalaking titik ay isa din sa mga unang dapat na isaalang-alang sa pagsulat ng balita.

**C.Pagbabaybay**

Vol. 5, No. 06; 2022

ISSN: 2581-4664

**TALAHANAYAN 1.c Antas na Kasanayan sa Pagsulat ng Balita**

| INDIKAYTOR | f | MEAN | DESKRIPSYON |
|---|---|---|---|
| 5 - Nakagagamit ng wastong pagbabaybay | 15 | 1.88 | Maalam na Maalam |
| 4 – Nakagawa ng 1-3 na kamalian sapagbabaybay | 17 | 1.7 | Maalam |
| 3 – Nakagawa ng 4-7 kamalian sapagbabaybay | 6 | 0.45 | May Katamtamang Kaalaman |
| 2 – Nakagawa ng 8-10 na kamalian sa pagbabaybay | 1 | 0.05 | Hindi Gaanong Maalam |
| 1 – Nakagawa ng mahigit sa 11kamalian sa pagbabaybay | 1 | 0.03 | Walang Kaalaman |
| Kabuoan ng Weighted Mean | | 4.11 | Maalam |

(0.01- 1.80- Walang kaalaman 1.81-2.60- Hindi gaanong maalam 2.61-3.40- May Katamtamang kaalaman 3.41-4.20- Maalam 4.21-5.00- Maalam na maalam)

Makikita sa Talahanayan 1-c ang kaantasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng balita batay sa pagbabaybay. Ang kaalaman sa wastong baybay ng mga salita ay higit na makatutulong sa kasanayan ng mag-aaral sa pagsulat ng balita.
Mapapansin sa talahanayang ito na may labinlima (15) na mag-aaral ang nakakuha ng 5 puntos at may pinakamataas na weighted mean na 1.88, labinpito (17) o may katumbas naman na 1.7 weighted mean ang nakakuha ng 4 na puntos, anim (6) na mag-aaral o weighted mean na 0.45 ang nakakuha ng 3 puntos, samantalang tig-isa (1) na mag-aaral ang nakakuha ng 2 at 1 puntos o weighted mean na 0.05 at 0.43. Sa kabuoan mayroong 4.11 na weighted mean ang kaantasan ng mga mag-aaral sa pagbabaybay.
Masasabing batay sa resulta ng pag-aaral, ang mga mag-aaral sa Baitang 6 ng Special Program in Journalism ay maalam sa paggamit ng tamang baybay sa pagsusulat ng balita. Ngunit hindi maiaalis na may iilan pa rin ang nakapagtala ng maling baybay ng mga salita samakatwid, nangangailangan pa rin ng dagdag na pagsasanay upang malinang ang antas na ito.
Pinatunayan ito sa pag-aaral ni Cabaylo (2015)10 na lahat ng sangkap ng pagsulat ay may karaniwang kamalian ang mag-aaral ngunit higit na may pagkakamali sa aspeto ng mekaniks na sumasaklaw sa pagbabaybay o ang kakayahan ng mga mag-aaral na baybayin ang mga salita sa Filipino lalo na sa salitang hiram. Binigyan niya ng rekomendasyon na gumawa ng remedyasyon

na siyang magbibigay gabay sa pagpapaunlad ng pag-aaral at pagkatuto at kasanayan ng mga mag-aaral. Ang nilalaman ay nakapokus sa pagbibigay solusyon sa mga natuklasang kahinaan ng mga mag-aaral.

**D. Wastong Gamit ng mga Salita**

Inilahad ang kaantasan ng pagsulat ng balita sa wastong paggamit ng mga salita. Sa pamamagitan ng talahanayang ito ay nalaman na naging maalam ang mga mag-aaral sa pagsulat ng balita batay sa wastong gamit ng mga salita.

**TALAHANAYAN 1.d Antas na Kasanayan sa Pagsulat ng Balita Batay sa Wastong Gamit ng mga Salita**

| INDIKAYTOR | f | MEAN | DESKRIPTIB |
|---|---|---|---|
| 5 – Buo ang kaisipan may kaisahan at ginamit ng wasto ang mga detalye sapagsulat ng balita | **5** | **0.63** | Maalam na Maalam |
| 4 – Buo ang kaisipan at may kaisahanngunit hindi lahat ng detalye ay ginamit sa pagsulat | **16** | **1.6** | Maalam |
| 3 – Kulang ang kaisipan at walangkaisahan ang balita | **14** | **1.05** | May Katamtamang Kaalaman |
| 2 – Kulang ang kaisipan at hindi lahatng detalye ay ginamit sa pagsulat | **5** | **0.25** | Hindi Gaanong Maalam |
| 1 – Walang kaugnayan ang sinulat saibinigay na paksa at mga detalye | **0** | **0** | Walang Kaalaman |
| **Kabuoan ng Weighted Mean** | | **3.53** | **Maalam** |

(0.01- 1.80- Walang kaalaman 1.81-2.60- Hindi gaanong maalam 2.61-3.40- May Katamtamang kaalaman 3.41-4.20- Maalam 4.21-5.00- Maalam na maalam)

Ipinakita rin na may 5 respondent ang nakakuha ng iskor na lima (5) o may weighted mean na 0.63 na nangangahulugang maalam na maalam ang paggamit ng wastong salita sa pagsulat ng balita. May 16 respondent naman ang nakakuha ng iskor na apat (4) o may weighted mean na 1.6 na ang ibig sabihin ay mayroong kaalaman ang mga mag-aaral. Umabot naman sa 14 na respondents ang nakakuha ng iskor na tatlo (3) o may weighted mean na 1.05 na nangangahulugang may katamatamang kaalaman ang mga mag-aaral sa paggamit ng wastong salita sa pagsulat ng balita. Samanatal, mayroon ding limang (5) mag-aaral ang nakakuha ng iskor na dalawa (2) at may weighted mean na 0.25 o may hindi gaanong kaalaman sa paggamit ng wastong salita sa pagsulat ng balita, ngunit wala namang mag-aaral ang nakakuha ng pinakamababang antas ng kasanayan o iskor na isa (1).

Sa resultang nakuha sa mga respondent sa ibinigay na pagsusulit ay nagsasabing maalam ang mga mag-aaral sa pagsulat ng balita sa kasanayan sa wastong gamit ng mga salita. Ngunit hindi pa rin maitatanggi na may iilan pa ring mag-aaral ang walang sapat na kaalaman sa kasanayang ito.
Ayon kay Lachica (2017)11, ang kaalaman sa lenggwahe at ang mga katangian nito ay ang pangunahing pangangailangan upang higit na mapabuti ang pagpapahayag. Ito ay sa pamamagitan

Vol. 5, No. 06; 2022
ISSN: 2581-4664

ng pagsulat ng isang komposisyon na nangangailangan ng masusi at epektibong paraan ng paglalahad ng iniisip, niloloob, nadarama at nakikita. Kaugnay sa naging resulta ng kasalukuyang pag-aaral, ang kasanayan sa wastong gamit ng mga salita sa pagsulat ng balita ay higit na dapat pang pagtuunan ng pansin.
Pinatunayan din sa pag-aaral ni Opong (2015)12 ang resulta ng kasalukuyang pag-aaral na ang kabisaan ng pagsulat ay nakabatay sa nilalaman, pagkagamitin ng mga salita, kahusayang teknikal at kahusayang instruksyonal. Sa naging resulta sa nabanggit na pag-aaral, nagiging masaya at aktibo at nakagaganyak ng mga mag-aaral na mapataas ang kanilang akademikong pagsulat sa kadahilanang ang proseso ng pagkatuto ay naaayon sa kanilang kalakasan at katalinuhan kung kaya't marapat lamang na pag-ibayuhin pa ang kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong gamit ng mga salita sa pagsulat ng balita.

**E. Pagkakasunod-sunod ng mga Ideya**

Ipinakita rito ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pag-oorganisa ng mga ideya sa pagbuo ng balita. Sinukat ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga datos sa pamamagitan ng isang pagsusulit sa pagsulat ng balita.

**TALAHANAYAN 1.e Antas na Kasanayan sa Pagsulat ng Balita Batay sa Pagkakasunod-sunod ng mga Ideya**

| INDIKAYTOR | f | MEAN | DESKRIPTIB |
|---|---|---|---|
| 5 – Lahat naihanay nang lohikal ang mgaideya, malinis at kawili-wiling basahin | 0 | 0 | Maalam na Maalam |
| 4 – Karamihan ay naihanay nang lohikalang mga ideya, malinis at kawili-wiling basahin | 14 | 1.4 | Maalam |
| 3 – Naihanay nang lohikal ang mga ideya ngunit hindi masyadong malinis angpagkasulat | 10 | 0.75 | May Katamtamang Kaalaman |
| 2 – Hindi naihanay nang wasto ang pagkakasunod-sunod at hindi malinis angpagkasulat | 14 | 0.7 | Hindi Gaanong Maalam |
| 1 – Halos hindi naihanay ang | 2 | 0.05 | Walang |
| pagkakasunod-sunod ng mga ideya at hindi kawili-wiling basahin | | | Kaalaman |
| Kabuoan ng Weighted Mean | | 2.9 | May Katamtamang kaalaman |

(0.01- 1.80- Walang kaalaman 1.81-2.60- Hindi gaanong maalam 2.61-3.40- May Katamtamang kaalaman 3.41-4.20- Maalam 4.21-5.00- Maalam na maalam)

Sa Talahanayan 1.e ay makikita ang iskor ng mga respondents sa ibinigay na pagsusulit upang makita ang kasanayan sa pagsusunod-suod ng mga ideya sa pagsulat ng balita. Makikita dito na walang mag-aaral ang nakakuha ng iskor na lima (5) o walang mag-aaral ang maalam na maalam na sa pagsusunod-sunod ng mga ideya sa pagsulat ng balita. Mayroon din naman 14 respondents o may weighted mean na 1.4 ang nakakuha ng iskor na apat (4), malinaw na naipakitang maalam ang mga mag-aaral sap ag-oorganisa ng ideya. Umabot naman sa 10 respondents ang nakakuha ng iskor na tatlo (3) o may weighted mean na 0.75 na ang ibig sabihin ay may katamtamang kaalaman ang mga mag-aaral. Samantalang 14 na respondents din ang nakakuha ng iskor na dalawa (2) o may weighted mean na 0.7 o nangangahulugang isa sa may pinakamatas na bilang ang mga mag-aaral na nangangailangan pa ng pagsasanay sa batayang ito. Mayroon din namang dalawang (2) respondents o may weighted mean na 0.05 ang nakakuha ng pinakamababang antas na hindi maalam. Ang mga resultang nabanggit ay may indikasyon lamang na may katamtamang kaalaman lamang ang mga mag-aaral sa pagsusunod-sunod ng mga ideya sa pagsulat ng balita o may weighted mean na 2.9 at ito ay nangangahulugan lamang na marami rami pa ring mag-aaral ang nangangailangan ng kahusayan sa bahaging ito.

Ang implikasyon sa pag-aanalisang ito ay mayroong mga mahahalagang kasanayan sa pagkakasunod-sunod ng mga ideya sa pagsulat ng balita katulad halimbawa ng kahalagahan nito mula sa pinakamahalagang detalye hanggang sa hindi gaanong mahalagang detalye ng balita, estilo o anyo ng pagsulat at anggulo ng balita.

Pinatunayan ito ni Gaiman (2021)13, na ang estilo ng pagsulat ay ang natatanging paraan ng may-akda sa pakikipag-usap sa mga salita. Gumagawa ang isang may-akda ng estilo na may boses, o personalidad, at pangkalahatang tono na inilalapat nila sa teksto. Maaaring magbago ang estilo ng isang manunulat depende sa uri ng pagsulat na ka niyang ginagawa, para kanino sumusulat at sino ang target ng madla. Dagdag pa niya, ang isang mamamahayag ng balita ay mayroong ibang estilo. Ito ay mahalaga sa kasalukuyang pag-aaral sapagkat nakatuon ito sa kasanayang dapat malinang sa pagbuo ng isang balita sa larang ng pamamahayag. Ito rin ay nagbibigay kahalagahan sa wastong estilo at pagkakaroo ng sapat na kaalaman sa mga dapat isaalang-alang sa pagsulat ng isang balita sa pahayagan.

Mahihinuha natin na sa naging resulta ng pananaliksik masasabing higit na naging maalam ang kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng bantas at wastong salita, at sa kasanayan sa pagbabaybay kumpara sa naging kaalaman ng mga mag-aaral sa kasanayan sa kapitalisasyon ng mga salita at pagsusunod-sunod ng mga ideya. Maaaring ang mga salik na nabanggit sa itaas ang nakaapekto sa mga nabanggit kung kaya't hindi ito naging mabisa.

Ayon sa pag-aaral ni Albur (2016)14, na sa paggamit ng isang conference guide na naglalayong palakasin ang kasanayan ng mga mag-aaral na manunulat sa gramatika, mekaniks, baybay, Teknik sa pagsulat, porma at proseso ng pagsulat, gamit ng kombensyon sa pagsulat sa ibang aspeto ng pamamahayag ay higit na mahalaga sa pagsulat at pamahayagan.

Binigayng pansin dito ang estilo, porma at organisasyon upang mapataas ang antas ng kasanyan sa pagsulat ng balita ng mga mag-aaral sa siya din namang layunin ng pag-aaral na ito.

Suliraning kinakaharap sa Pagsulat at Pagtuturo ng Balita

Inilahad ang mga sulraning kinaharap sa pagsulat ng balita ayon sa mga mag-aaral at pagtuturo ng mga guro sa pagsulat ng balita. Sa pamamagitan nito ay lumitaw ang pinakasuliraning kinakaharap

ng mga mag-aaral at mga guro.

**TALAHANAYAN 2.a Suliraning Kinakaharap ng mga Mag-aaral sa Paglinang ng Kakayahan sa Pagsulat ng Balita**

| INDIKAYTOR | F | RANGGO |
|---|---|---|
| Kakulangan ng mga kagamitan tulad ng modyul, mga sanayang aklat at iba pang pagsasanay sa paglinang ngkakayahang pasulat ng mga mag-aaral | **20** | **4** |
| Kakulangan sa mga kasanayan sa pagsulat | **22** | **3** |
| Limitadong pagsasanay sa mekaniks sa pagsulat | **23** | **2.5** |
| Kakulangan sa interes o hilig sa pagsulat ng balita | **15** | **6.5** |
| Kakulangan sa oras | **23** | **2.5** |
| Kakulangan sa kasanayan sa gramatika at pag organisa ngmga salita | **15** | **6.5** |
| Kakulangan sa tiwala sa sarili | **18** | **5** |
| Hindi sapat ang kaalaman sa pagsulat ng balita | **26** | **1** |

**Ayon sa Mag-aaral**

Natukoy sa Talahanayan 2.a na ang nangunguna sa ranggo sa mga suliraning kinakaharap sa paglinang ng kakayahan sa pagsulat ng balita ayon sa mga mag-aaral ay ang pagkakaroon ng hindi sapat na kaalaman sa pagsulat ng balita na may 26 na bilang ng tugon sa kabuoang bilang na 40. Nangangahulugan na hindi gaanong nalilinang ang kanilang kakayahan sa pagsulat ng balita dahil na rin saw ala silang sapat na kaalaman upang isagawa ito. Ang implikasyon ng resultang ito ay kinakailangang lalong pagtuunan ng pansin ang pagkakaroon ng sapat na kaalaman sa pagsulat ng balita upang malinang nila ang kanilang kasanayan.

Pumapangalawa naman ang limitadong pagsasanay sa mekaniks ng pagsulat at ang kakulangan sa oras na parehong may 23 bilang ng mga tumugon. Hindi natin maikakaila na bagaman ang mga mag-aaral ay may mga isinasagawang pagsasanay ngunit bibihirang ito ay nakatuon lamang sa mekaniks ng pagsulat. Hindi rin sapat ang panahon at oras na inilalaan upang isagawa ang mga nasabing pagsasanay.

Ikatlo ang kakulangan sa mga kasanayan sa pagsulat na may 22 bilang ng mga tugon. Nangangahulugang sa kabila ng pagiging maalam ng mga mag-aaral sa konsepto ng balita, nagkakaroon pa rin ng kahinaan ang mga mag-aaral sa pagsulat nito sa kadahilanang kakaunti lamang kundi man walang mga sanayang gawain para sa pagsulat ng balita. Nagbigay lamang ito ng implikasyon na mas mapapaghusay ang kanilang kasanayan kung mayroon lamang na sapat na bilang ng mga sanayang gawain sa pagsulat ng balita.

Nabanggit ni Camilon (2012)15, ang senaryo ng kalidad ng edukasyon sa Pilipinas at maituturing na mababa ang antas dahil sa malaking kakulangan sa mga pasilidad at gawain. Inirerekomenda niya na mabigyan ng sapat na suporta ng pamahalaan ang ating edukasyon upang maging mataas

ang kalidad nito.

Higit pang pinagtibay ang pahayag na ito ni Camilon dahil sa lumabas na ikaapat na resulta ng suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral, at ito ay ang kakulangan ng mga kagamitan tulad ng modyul, mga sanayang aklat at iba pang pagsasanay sa paglinang ng kakayahang pasulat ng mga mag-aaral na may 20 bilang ng mga mag-aaral na tumugon. May implikasyon lamang ito na higit na nangangailangan ang mga mag-aaral ng mga babasahing mas makapagpapayaman sa kanilang kaalaman pagdating sa mga dyornalistik na sulatin partikular sa pagsulat ng balita.

Pumanglima naman ang kakulangan sa tiwala sa sarili o may bilang na 18 tugon mula sa mga mag-aaral. Ito ay nagpapatunay lamang na isa sa salik ng mababang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng balita ay ang kakulangan ng tiwala sa sarili na marahil ay dal ana rin ng iba pang mga salik na nabanggit sa itaas. Ang kakulangan ng mga kagamitan sa pagpapalawak ng kanilang kaalaman sa pagsulat ng balita at mga sanayang gawain na

hahasa sa kanilang angking kahusayan ay pawang mga dahilan ng pagkawala ng tiwala sa sarili na makapagsulat ng maayos na balita.

Parehong nasa ikaanim na ranggo naman ang kakulangan sa interes o hilig sa pagsulat ng balita at kakulangan sa kasanayan sa gramatika at pag organisa ng mga salita. Pinatunayan ng resulta ng pagsusulit na ibinigay sa mga mag-aaral ang suliraning ito. May implikasyon lamang ito na kailangang lalo pang paigtingin ang pagbibigay ng atensyon sa mga salik na nabanggit upang mas mapaghusay pa ang kanilang kakayahan sa pagsulat ng balita.

Ayon kay De Juan (2013)16, may mga salik na nagiging hadalang para sa matagumpay na pagkatuto. Una ang kawalan ng interes dahil sap ag-usbong ng mga makabagong teknolohiya kasunod ang kakulangan sa bokabolaryong Filipino at pangatlo ang miskonsepyon sa paggamit ng wika dahil sa pagdating ng mga makabagong salita na wala naman sa Diksyunaryong Filipino.

Nakatutulong sa paglinang ng kakayahan sa pagsulat ng balita ng mga mag-aaral ang paglutas ng mga suliranin. Isa sa mga epektibong pagpapahayag na dapat malinang sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ay nakatuon sa sariling pananaw, opinion at ideya tungkol sa isang paksa na huhubog sa tiwala sa sarili at kakayahan sa pagsulat.

**B. Ayon sa Guro**

Inilahad ang mga suliraning kinakaharap ng mga guro sa pagtuturo ng pagsulat ng balita sa mga mag-aaral sa Baitang 6 ng Special Program in Journalism.

**TALAHANAYAN 3.b Suliraning Kinakaharap ng mga Guro sa Paglinang ng Kakayahan sa Pagsulat ng Balita**

| INDIKAYTOR | f | RANGGO |
|---|---|---|
| Maraming gawaing pampaaralan | 3 | 1 |
| Kakulangan sa seminar-worksyap sa pagsulat ng balita | 3 | 1 |

| | | |
|---|---|---|
| Kakulangan sa mga kagamitan tulad ng modyul, mgasanayang aklat at iba pang pagsasanay sa paglinang2g kakayahang pasulat ng mga mag-aaral | 3 | 1 |
| Hindi sapat ang kaalaman sa pagsulat ng balita | 2 | 2 |
| Kakulangan sa interes o motibasyon sa nasabing gawain | 1 | 3.5 |
| Kakulangan sa makabagong kalakarang pangwika | 1 | 3.5 |
| Limitadong pagsasanay sa mga gawaing pasulat | 3 | 1 |
| Kakulangan ng mga kasanayan sa pagsulat | 3 | 1 |

Inilahad sa Talahanayan 2.b ang mga suliranin kinakaharap ng mga guro sa paglinang ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng balita. Nanguna sa tugon na tatlo (3) ang mga suliraning maraming gawaing pampaaralan ang

mga kaguruan na nagtuturo ng Journalism na siyang isa sa naging hadlang upang mabigyan ng sapat na atensyon ang pagtuturo ng pagsulat ng balita, kasabay din nito ang kakulangan sa seminar-worksyap sa pagsulat ng balita, mga kagamitan tulad ng modyul, mga sanayang aklat at iba pang pagsasanay sa paglinang ng kakayahang pasulat ng mga mag-aaral, limitadong pagsasanay sa mga gawaing pasulat at kakulangan ng mga kasanayan sa pagsulat. Lumalabas lamang na ang suliraning kinakaharap ng mga guro ay kahalintulad din lamang sa mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral. Higit lalo lamang nitong pinatutunayan na mas nangangailngan na lalong mapataas ang kasanayan hindi lamang ng mga mag-aaral kundi pati ng mga guro sa pagsulat ng balita. Maisasakatuparan lamang ang mas mataas na antas ng kasanayan kung mabibigyang kasagutan ang mga nabanggit na suliranin.

Ang implikasyon ng mananaliksik ay marapat lamang na magkaroon ng sapat na paghahati-hati ng oras sa mga gawaing pampaaralan upang bigyan ng pagpapahalaga ang pag-aaral ng kasanayang pagsulat ng balita upang mas lalo pang mapaangat ang antas, lawak at pang-unawa sa paggamit ng ortograpiyang Filipino. Ang pagsulat ng balita ay hindi madaling gawin, kailangan ng sapat na oras, panahon, kagamitan, at kaalaman upang makakalap ng ideya na may kaugnay sa balita na isusulat.

Pumangalawa ang hindi sapat na kaalaman sa pagsulat ng balita na may dalawang (2) bilang ng tugon. Pangatlo ay ang kakulangan sa interes o motibasyon sa nasabing gawain at kakulangan sa makabagong kalakarang pangwika na parehong may isang (1) bilang ng tugon.

Batay sa mga nakalap na datos nangangahulugan na dapat pagtuunan ang pagkakaroon ng mga gawain na magpapalawak sa kaalaman ng mga guro sa pagtuturo ng pagsulat ng balita. Mahalaga rin na magkaroon ng mga babasahin na siyang magiging gabay sa pagtuturo ng aralin.

Kung gayon, dapat magkaroon ng mga pagsasanay ang mga guro sa pagsulat at kinakailangan din ng partisipasyon ng mga guro sa bawat palihan na ibinabahagi ng departmento ng edukasyon upang mas mahasa at malinang ang kaalaman. Kapag sapat ang kanilang kaalaman at kasanayan ng mga guro, magiging mabisa din ang kanilang pagtuturo sa mga mag-aaral sa pasulat ng balita, ito ay magagawa lamang kung sila ay mayroong interes sa paggawa nito dahil sila ang gagabay sa mga mag-aaral kung paano makabuo ng balita.

Batay sa Manwal ng Operasyon ng Special Program in Journalism17, isa sa kompetensi na

ISSN: 2581-4664

kailangan malinang sa mga mag-aaral ang kasanyan sa pagsulat ng balita upang higit pang mapaghusay ang kakayahan.

Estratehiyang Ginamt ng mga Guro sa Pagtuturo ng Pagsulat ng Balita

Ang mga nasabing suliraning kinakaharap ng mga guro ay pilit na binibigyang solusyon ng mga guro sa Journalism sa pamamagitan ng iba't ibang estratehiya na kanilang ginagamit upang maituro ang kasanayang pagsulat ng balita. Narito ang ilang bahagi ng isinagawang panayam sa mga guro:

**Ayon kay Guro A:**
"Ang mga mag-aaral ay hindi umuunawa sa binabasa at hindi sumusunod sa partikular na estilo ng pagsulat. Kawalan ng interes sa pagbabasa ng mga artikulo. Hindi pagsasagawa ng mga gawain. Hindi maalam sa wastong pagbabaybay at wastong balarila kung kaya't inaatasan ko ang aking mga mag-aaral na kumalap ng mga balita mula sa mga pahayagan at magasin at ipinapalikom ito bilang bahagi ng kanilang portfolio upang sanayin silang maging bihasa sa pagbasa ng balita at maging mulat sa iba't ibang istilo ng pagsulat ng balita."

**Batay naman kay Guro B:**
"Naging suliranin ko ang kakulangan sa mga kagamitan ng mag-aaral, mga modyul at sanayang gawain para sa pagsulat ng balita kaya't dagdag sa aking gawain ang magsaliksik ng mga kagamitang pampagtuturo ngunit napakalimitado lamang nito sa internet at walang katiyakan kung ito ba ay reliable o hindi. Nakakalungkot mang isipin ngunit nagkakasya na lamang ako sa panghihiram ng mga kagamitan mula sa kapwa ko guro sa asignaturang ito upang maituro sa mga mag-aaral ang kinakailangang kompetensi."

**Nabanggit naman ni Guro C:**
"Zero ang materyal sa pagtuturo dahil walang dumating mula sa DepEd Central Office kaya't gumawa na lamang ako ng sariling materyal na naaayon sa Most Essential Learning Competencies. Mahirap magturo ng kasanayan sa pagsulat dahil kahit ang mga guro ay walang sapat na mga pagsasanay. Ang bilis makalimot ng lesson ng mga bata (walang retention eversince pero mas malala ngayon... dahil sa pandemya at modular na paraan ng pagtururo dati mahirap ang transfer of learning). Di nadedevelop ng mabuti expected skills ng bata at di sila exposed sa activities na makakadevelop sa kanilang full potential. (Ang mga students natin ay masyado nang tutok sa gadgets at wala ng sapat na interes sa pagbabasa at pagsulat ng balita).

## 5.KONKLUSYON AT REKOMENDASYON
Nasa antas na maalam ang mga mag-aaral sa pagsulat ng balita batay sa wastong gamit ng mga bantas, kapitalsisyon, pagbabaybay, wastong gamit ng mga salita at pagkakasunod-sunod ng mga ideya. Halos ay magkahalintulad ang mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa pagsulat ng balita at ang suliranin ng mga gurong tagapayo sa paglinang ng kakayahang pasulat ng mga mag-aaral sa Baitang 6 ng Special Program in

Journalism ang hindi sapat na kaalaman sa pagsulat. Ang mga estratehiyang ginamit ng mga guro sa pagtuturo ng pagsulat ng balita ayon sa panayam na isinagawa ay ang pangangalap ng mga balita sa pahayagan at magasin upang gawing portfolio upang maging mulat ang mga mag-aaral sa iba't ibang istilo ng pagsulat ng balita, pananaliksik ng mga kagamitang pampagtuturo sa internet at paggawa ng mga dahon ng gawain at sanayang gawain sa pagsulat ng balita.

Naging rekomendasyon na kailangang sanayin ng mga guro ang mga mag- aaral sa pagbuo ng pangungusap na may buong diwa, nagagamit ng wasto ang malaki at maliit na titik sa pangungusap at ang wastong gamit ng bantas, pag-oorganisa ng pangungusap at talata. Maipaliwanag sa mga mag-aaral ang kahalagahan nito sa pagsulat. Ang mga guro ay patuloy na pagsikapang makabuo ng mga estratehiyang akma sa layuning lubos na matutuhan ng mga mag-aaral ang tamang pagsulat ng nilalaman, paggamit ng mekaniks, at organisasyon ng mga ideya. Magbigay ng mga iba't ibang interbensyon na lilinang sa kasanayan sa pagsulat upang mahasa ang kanilang abilidad sa pagsulat ng balita. Kailangang hikayatin ng mga guro ang mga mag-aaral na magbasa at magsulat upang madagdagan ang kanilang kaalaman at bokabularyo upang kanilang magamit sa pagpapaulad ng gawaing pagsulat.

**TALASANGGUNIAN**

(1)Santos, John Carlo January 2017. UFI: Ang Unibersidad ng Pilipinas sa Pagpapayabong ng Wika at Nasyonalismong Filipino mula Panahon ng Komonwelt hanggang sa simula ng Ikalimang Republika. UP Los Baños https://www.researchgate.net/publication/330846227_UFi_Ang_Unibersidad_ng_Pilipinas_sa_Pagpapayabong_ng_Wika_at_Nasyonalismong_Filipino_mula_Panahon_ng_Komonwelt_hanggang_sa_simula_ng_Ikalimang_Republika/link/5c57f0dc458515a4c756b6d3/download

(2)Gonzalvo, Romeo P. (2016). Komunikasyon sa Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino, Batayang Aklat sa SHS. Mindshapers Company, Inc. Intramuros, Manila.

(3)Flores, Tobias A. (2005) Modyul sa Mabisang pagtuturo ng Noli Me Tangere.
Graduate School. Notre Dame of Dadiangas University – General Santos City

(4)De Juan, G. (2013), Mga Suliranin ng mga Guro sa Pagtuturo ng Filipino, Retrieved on April 14, 2018 from https://filipinotek.wordpress.com/2013/03/29/mga-suliranin-ng-mga-guro-sa-pagtuturo-ng-filipino/

(5)Camilon (2012), Retrieved from https://www.coursehero.com/file/89960693/SAMPLE-TESISdocx/

(6)RA 7079, AN Act Prodviding the Development and Promotion of Campus Journalism and for other Purposes, https://elibrary.judiciary.gov.ph/thebookshelf/showdocs/2/2685

(7)Universal Class (2022). Journalism News Writing Skills: Grammar and Style Rules https://www.universalclass.com/articles/writing/news-writing-grammar-and-style-rules- in-journalism.htm

(8)Malapo, Princess Erika L. (2018) Antas ng Kakayahan ng mga Mag-aaral sa Manunulat sa Pamahayagang Pangkampus. Sorsogon State College

(9)Albunan, Liezel (2019), Ang Antas ng Kasanayan sa Pagsulat ng Sulatin ng Dalawanggrupo ng mga Mag-aaral sa Ikapitong Baytang sa Nagpayong High School

(10)Cabaylo, Virgilina L. (2015). Mga Karaniwang Kamalian sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga

mag-aaral sa Hayskul: Isang Pagsusuri at Remedyasyon. Graduate School –
Holy Trinity College of General Santos City – General Santos City
(11)Lachica, Veneranda S. (2017). Komunikasyon sa Akdemikong Filipino. GMK Publishing House
(12)Opong, Andy Boy. (2015). Kabisaan ng Worktekst sa Manobo bilang Pantayang Kagamitan sa Filipino sa Unang Baitang. Graduate School – Holy Trinity College of General Santos
(13)Gaiman, N. (2021). How to Find Your Writing Style: 8 Tips for Developing Voice and Tone https://www.masterclass.com/articles/how-to-find-your-writing-style
(14)Albor, Cesar D.(2016), Writing Proficiency Skill of Campus Journalism in Bacon East and West District Schools, Sorsogon State College, School of Graduate Studies 2014
(15)Camilon (2012), Retrieved from https://www.coursehero.com/file/89960693/SAMPLE-TESISdocx/
(16)(4) De Juan, G. (2013), Mga Suliranin ng mga Guro sa Pagtuturo ng Filipino, Retrieved on April 14, 2018 from https://filipinotek.wordpress.com/2013/03/29/mga-suliranin-ng-mga-guro-sa- pagtuturo-ng-filipino/
(17)Manual of Operations for Special Program in Journalism, Department of Education Bureau of Curriculum Development